



LOBULAR: Ang Mapanlinlang na Kanser sa Suso na Kailangan ng Higit pang Pananaliksik

Ano ba ang Lobular na Kanser sa Suso?

- » Ang invasive lobular carcinoma (ILC), na tinatawag ding lobular na kanser sa suso, ang pangalawang pinakakaraniwang histolohikal na subtype ng kanser sa suso.
 - Humigit-kumulang 15% ng 281,550 kababaihan sa U.S. na nada-diagnose na may kanser sa suso kada taon ang mayroong ILC.
 - Invasive ductal carcinoma (IDC) ang pinakakaraniwang subtype.
- » Maaaring maging mas mahirap matukoy ang mga tumor ng ILC sa mga pag-aaral ng imaging at sa pisikal na pagsusuri dahil karamihan sa mga ito ay kulang sa protina na tinatawag na e-cadherin, na nagiging sanhi ng di-pangkaraniwang pattern sa paglago na patuwid at hindi mga bukol.
 - Di-sinasadyang pangkaraniwan ang huling pagtukoy sa ILC: kapag malaki na/nasa huling yugto at may sangkot nang kulani.
 - Maaaring kumalat ang ILC sa di-pangkaraniwang lugar, na iba sa IDC.
- » Bagaman maraming pasyente na may ILC ang may magandang prognosis, ang mga kamakailang pag-aaral ay nagpapahiwatig ng mas mataas na panganib ng huling pag-ulit (pagkatapos pa ng 5 taon) para sa ilang pasyente.
 - Kailangan pa ng higit na pananaliksik para matukoy ang mga dahilan ng pag-ulit at hindi pagtalab ng therapy sa mga pasyente na may ILC.
- » Bagaman hindi bihira, pero kulang pa ang pag-aaral sa ILC at hindi pa lubos na nauunawaan.
 - Sa kamakailang pananaliksik lang naliwanagan na kailangan ang higit pang pag-aaral sa ILC para matukoy kung dapat bang na isalang ang ILC sa imaging at gamutin na iba sa IDC.



Ang ILC ay 15% sa lahat ng diagnosis ng kanser sa suso



Ang pagpopondo para sa pananaliksik ng ILC ay wala pang 1% ng pagpopondo para sa pananaliksik ng lahat ng kanser sa suso!



Ano ang Lobular Breast Cancer Alliance?

- » Ang LBCA ay isang pambansang non-profit na organisasyon na itinatag at pinapatnubayan ng mga pasyente para tugunan ang kakulangan sa impormasyon at pananaliksik hinggil sa ILC.
- » Ang LBCA is ay pinapatnubayan ng mga ekspertong clinician at mananaliksik ng ILC.
- » Ang LBCA ay nagbibigay ng komprehensibong impormasyon tungkol sa ILC, mga pagkakataong edukasyonal, at sumusuporta sa mga pasyente at medikal na komunidad sa pamamagitan ng maliit na bilang ng dedikadong boluntaryo at staff.
- » Itinataguyod ng LBCA ang pagsasamahan at sumusuporta sa mga indibidwal na nagsisikap para itaguyod ang pananaliksik sa ILC.
- » Nagbibigay ang LBCA ng direktang pagpopondo para sa pananaliksik sa ILC.

Mithiin ng LBCA ang isang mundo kung saan nakikita nang maaga ang lobular na kanser sa suso, nagagamot ito nang epektibo, at naalis nang permanente.



Matuto pa tungkol sa Adbokasiya at Suportahan ang Pananaliksik sa ILC

Pumunta sa: www.lobularbreastcancer.org

Mag-donate: <https://lobularbreastcanceralliance-bloom.kindful.com>